THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 SENIOR CITIZENS SA CALAPAN, BINIGYANG-AYUDA

VOLUME 3 No. 21 Apr. 01, 2024 - Apr. 07, 2024

# 435 BENEPISYARYO NG 4Ps, NAGSIPAGTAPOS SA CALAPAN

DINALUHAN ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang idinaos na “Graduation Ceremony of Existing 4Ps Household of Calapan City, Oriental Mindoro” na ginanap sa Calapan City Plaza Pavilion, noong ika-26 ng Marso.

Nasa kabuuang 435 na Calapeñong benepisyaryo ng naturang programa mula sa 62 barangay sa Lungsod ng Calapan ang nagsipagtapos, sa ilalim ng Pantawind Pamilyang Pilipino Program (4Ps) sa pangunguna ng Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Kaugnay nito, buong pagmamalaking inihayag ng isa sa mga benepisyaryo ng programang ito na si Ms. Scarlet E. Barrientos ng Barangay San Antonio ang kwento kung paano binago ng 4Ps ang takbo ng kanilang buhay, kung saan sa pamamagitan nito ay nagawa nilang makawala mula sa siklo ng kahirapan.

“Ang pagtatapos na ito ay magbubunga ng panibagong simula. Sabi nga po, sa bawat pintong nagsasara ay may panibagong pinto na mabubuksan.” — Mayor Marilou F. Morillo

Samantala, ang matagumpay na aktibidad ay dinaluhan ng mga panauhing kinatawan ng provincial at city government na sina Ms. Emerliza R. Agleron (Social Welfare Officer III), Ms. Maridel T. Rodriguez, RSW (Provincial Link-Oriental Mindoro), Mr. Manuelo Mahia, RSW (SWO IV), at iba pang mga dignitaryo (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).







THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM






TINGNAN: Ang higit pang maitaas sa mas maraming bilang at higit pang makilala hindi lamang sa bansa kundi sa buong mundo ang pangunahing layunin ng isinagawa noong Abril 3, na oryentasyon sa pagsisimula ng tatlong araw na kauna-unahang Oriental Mindoro Travel Influencers Familiarization Tour na isinagawa sa Oriental Mindoro Heritage Museum, Lungsod ng Calapan.

*"Huwag tayong maging dayuhan sa sarili nating lalawigan."*, ang binigyang diin ni Provincial Tourism Officer, Dr. Dhon Stepherson Calda sa mga kilala at sikat na vlogger sa Oriental Mindoro na kalahok sa naturang gawain.

Layunin pa rin ng naturang gawain na sama-samang tuklasin ng mga sikat na influencers ang mga ipinagmamalaking tourist destinations ng Oriental Mindoro at ang sama-samang pagsusulong ng pag-angat ng lokal na turismo ng lalawigan.

Kabilang sa mga sikat na social media influencers na kalahok sa nasabing gawain ay sina KaMangyan Vlogs, Forda Ferson, Mangyan Travel Vlog, Gell TV, The Good Mangyan, CLEO FIFI, mhakelTV at Marvin Almanon Page.


Ayon kay Dr. Calda, tinatarget ng lalawigan na makapagtala ngayong taon ng 500,000 libong turista o higit pa at 1M bisita sa lalawigan.

Matapos naman ang oryentasyon ay nagkaroon naman ng pagkakataon ang mga kalahok na makapag-tour sa loob ng Oriental Mindoro Heritage Museum upang masilayan ang mayamang kultura, tradisyon at kasaysayan ng lalawigan.

Tatagal ang Fam Tour ng tatlong araw simula Abril 3 hanggang Abril 5, 2024. Bahagi ng gawaing ito ang ilang mga aktibidad tulad ng pagsakay sa kariton (San Teodoro), bamboo slide (Gloria), snorkeling (Puerto Galera at Pinamalayan), kayaking (Pinamalayan), island hopping (Puerto Galera), pagluluto at marami pang iba.

Inaasahan naman na magiging katuwang ng Pamahalaang Panlalawigan ang mga travel influencer na ito sa pagpapaunlad at pagpapakilala ng turismo ng lalawigan sa mas malaking saklaw sa pamamagitan ng iba't ibang social media platforms. (PIO Oriental Mindoro)






For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# SENIOR CITIZENS SA CALAPAN, BINIGYANG-AYUDA

250 senior citizens ang inayudahan kamakailan ng Senior Citizens Party-List sa pamamagitan ng programang Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) sa Lungsod ng Calapan. Sa naganap na payout noong Marso 22, 2024 sa Citi Mall Activity Center, binigyan ng P2,000 cash assistance ang bawat benepisyaryong senior citizens.

Naging posible ang naturang pagbibigay-ayuda bunsod ng tuluy-tuloy na pakikipag-ugnayan ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo kay Cong. Rodolfo "Ompong" Ordanes, representatibo ng Senior Citizens Party-List.

Bilang kinatawan ni Rep. Ordanes, dumating sa nasabing payout ang kanyang chief-of-staff na si Michell Sastado. Sa talumpati ni Sastado, ibinahagi nya ang mga proyekto ng naturang party-list na nais nilang bigyang-katuparan para sa mga Senior Citizens ng Lungsod ng Calapan.

Pinadaloy ang naturang payout ng AICS ng mga kawani ng Department of Social Welfare and Development-Oriental Mindoro at ng Serbisyong TAMA Center (STC) ni Mayor Morillo.







# BARANGAY ASSEMBLY NG PATAS, MALAMIG AT STA. RITA, DINALUHAN NG MAYOR NG CALAPAN

PATULOY ang ginagawang pagdalo ni City Mayor Malou Flores-Morillo sa pagsasakatuparan ng Barangay Assembly ng mga barangay sa Lungsod ng Calapan.

Ito ay upang personal niyang makadaupang-palad ang mga residente at kaalinsabay nito ay marinig ang mga isyu at pangangailangan sa mga barangay.

Noong Marso 9, 2024, tatlong barangay ang nabisita ng Ina ng Lungsod-Mayor Malou Morillo upang makibahagi sa kanilang Barangay Assembly na kinabibilangan ng Patas na pinamumunuan ni Punong Barangay Benjamin Basilan, Malamig sa pangunguna ni Punong Barangay Norwin Lizardo at Sta. Rita sa pamamahala ni Punong Barangay Raul Dinglasan. Dito ay inilalahad ng Punong-lungsod ang mga ipinatutupad na proyekto at serbisyo ng kanyang administrasyon. Pagkakataon rin ito upang ipaliwanag sa mga taga barangay ang mga ipinapatupad na ordinansa at polisiya na ang layunin ay tungo sa ikakabuti ng taumbayan.

Samantala, para sa mga mga opisyales ng barangay ay ito rin ang kanilang pagkakataon upang makapag-ulat ng kanilang natapos at magpapatuloy na mga proyekto sa kanilang barangay.

Ang pagsasakatuparan ng Barangay Assembly ay naayon sa isinasaad ng Local Government Code, Presidential Proclamation No. 599, na kung saan ito ay dapat isagawa ng dalawang beses sa loob ng isang taon (Marso at Oktubre).

Ang matagumpay na pagsasagawa ng Barangay Assembly sa lungsod ay dahil sa maayos na pangangasiwa ni City DILG Director EnP. Ivan Stephen Fadri (Junard Acapulco/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 21 Apr. 01, 2024 - Apr. 07, 2024

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# MORIONES DE CALAPAN 2024, NAGBIGAY-SAYA SA MGA CALAPEÑO

KUNG dati-rati ay sa Timog na bahagi lamang ng Silangang Mindoro lamang popular ang mga Moriones at mas higit pa itong sentro ng atraksyon sa lalawigan ng Marinduque tuwing sasapit ang Semana Santa, sa panahon ng panunungkulan ni City Mayor Malou Flores-Morillo sa Lungsod ng Calapan ay dalawang magkasunod na taon na nasaksihan ang presensya ng umaaktong Roman Centurions na lumilibot sa iba't ibang lugar sa lungsod.

Ngayong taon ay mas pinatingkad ang 'Moriones De Calapan 2024' dahil sa naglalakihang pa-premyo na naghihintay para sa mga kalahok.

Dahilan kung bakit patuloy na dumarami ang dumadayo dito mula sa mga bayan sa buong lalawigan. May 15 Morion ang naging kalahok sa kompetisyon na nagsimulang umikot sa iba't ibang barangay na nagsimula pa noong Marso 24, 2024.

Sa mismong araw ng Moriones De Calapan Competition na ginanap sa harap ng Calapan City Public Market, Marso 31 (Easter Sunday) ay daang Calapeño ang nanuod at sumaksi sa nakakaaliw na pagtatanghal ng mga centurions.

Ang mga kalahok ay hinusgahan base sa kanilang performance at costume. Sa Final Round ay tinanghal na 5th Place si Contestant No.5 - Edwin Amparo, 4th Place si Contestant No.10 - Tirso Gabayno, 3rd Place si Contestant No.9 - Roger Landoy Jr., 2nd Place si Contestant No.11 - Limuel Atienza, at wagi bilang Kampiyon si Contestant No.8 - Alejandro Haino.

Ang mga nanalong kalahok ay tumanggap ng cash prizes na P15,000, P25,000, P45,000, P65,000 at P85,000 ayon sa pagkakasunod-sunod.

Samantalang may consolation prize naman na P3,000 ang mga hindi pinalad na magwagi.

Ang matagumpay na Moriones De Calapan 2024 ay naging posible sa pangangasiwa ng City Tourism, Culture and Arts Office sa pamumuno ni City Tourism Officer Christian Gaud sa pakikipagtuwang sa iba pang konsernadong departamento ng City Government of Calapan.

Ipinapangako ni City Mayor Malou Flores-Morillo na Ang pagkakaloob ng ganitong uri ng kasiyahan at eksperyensya sa mga Calapeño ay magpapatuloy dahil naniniwala siya na deserve ng kanyang mga minamahal na kababayan na maging masaya at naniniwala rin siya na bahagi ng kanyang pagiging Ina ng Lungsod na maibigay ito sa kanyang mga anak na Calapeño (Junard Acapulco/CIO).

